

## Maningning na Gantimpala

May isang bayan sa paanan ng isang bulkan sa tabi ng kagubatan. Dito nakatira ang batang si Jose at sampung mas batang kapatid niya na ulila na sa kanilang ama. May sakit naman ang kanilang ina. Sa loob ng kanilang tagpi-tagping kubo ay tanaw ang mga bituin sa langit kung gabi.


Isang hapon ay kinuha ni Jose ang isang sako, itak, at sumbrerong buri ng kanyang ama. Pumunta siya sa gubat para kumuha ng panggatong. Mabilis siyang nakarating sa masukal na bahagi ng gubat.


Damput dito, damput doon; damput sa kaliwa, damput sa kanan; damput kung saan-saan. Diretso sa sako ang mga panggatong na nadadampot niya,

Hindi niya napansing nasa gitna na siya ng gubat. Sa sobrang pagod, dali-dali siyang nagpahinga sa may punong Naga.

"Tugudung... tugudung... tugudung... tugudung... tugudung," ang narinig ni Jose. Nagmamadali siyang nagtago sa sukal.

"Ano kaya iyon? Bakit may nagtatambol sa gubat?" nanlalaki ang matang tanong niya. Sa darating ang





isang grupo ng mga dwendi. Bigla niyang naalala ang bilin ng kanyang ina.

“Jose, wag na wag mong sasaktan ang mga dwendi. Wag ka ring kukuha ng anumang bagay mula sa kanila. Maliliit sila pero mababait at nag-aalaga sila ng kagubatan,” bilin ng kanyang ina.

“Parurusahan nila ang sasakit sa kanila o kukuha ng pag-aari nila. Palalabuin ang kanilang mga mata hanggang sa mabulag. O kaya naman, magkakasugat na di gagaling.” sabi ng kanyang ina.

Napansin ni Jose ang nasa huli ng grupo ng mga dwending naglalakad. Hirap na hirap ito sa pasang sako. Hindi naiwasang sumasagi ang sako sa matatalim na sanga kaya nabubutas. Di nito napansin na unti-unting nahuhulog ang mga piraso ng ginto.

Paglampas ng mga dwendi ay nagmamadaling pinulot ni Jose ang mga piraso ng ginto at isinilid sa kanyang sumbrebo. Sumunod siya sa grupo ng mga dwendi hanggang sa makarating sa punso.

“Tabi-tabi po...tabi po. Heto na po ang mga piraso ng ginto,” sabi ni Jose habang inaabot ang sumbrero.

“Jose, isa kang matapat na bata! Dahil diyan, bibigyan kita ng gantimpala. Sa ‘yo na at gamitin mo ang

lahat ng ginto sa punso. " sagot ng dwendi.

Sa isang kisap-mata ay nakita na lang ni Jose na nasa labas na siya ng gubat at nasa bakuran na ng bahay nila. Sa tabi niya ay may isang sakong punong-puno ng ginto.

Mula noon, si Jose at ang pamilya niya ay namuhay nang masagana at masaya.

